Republika ng Pilipinas
SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MARIKINA

PRESENT:

HON. JOSE FABIAN I. CADIZ, M.D.	City Vice Mayor Presiding Officer

1st DISTRICT

HON. RONNIE S. ACUÑA	City Councilor
HON. FRANKIE C. AYUSON	City Councilor
HON. JOSEPH B. BANZON	City Councilor
HON. WILLIE N. CHAVEZ	City Councilor
HON. MARIO M. DE LEON	City Councilor
HON. SAMUEL S. FERRIOL	City Councilor
HON. EVA AGUIRRE-PAZ	City Councilor

2nd DISTRICT

HON. ARIEL V. CUARESMA	City Councilor
HON. PAUL B. DAYAO	City Councilor
HON. MARK ALBERT J. DEL ROSARIO	City Councilor
HON. XYZA DIAZEN-SANTOS	City Councilor
HON. ERNESTO M. FLORES	City Councilor
HON. SUSANA P. MAGTUBO	City Councilor
HON. ROMMEL F. ORTIZ	City Councilor
HON. RUBEN R. REYES	City Councilor

ON OFFICIAL BUSINESS:

HON. EDWIN A. ADIGUE	Liga President

ON LEAVE:

HON. THADDEUS ANTONIO M. SANTOS, JR.	City Councilor

RESOLUSYON Blg. 096
Taong 2016

RESOLUSYON NG PAGPAPAHAYAG NG PASASALAMAT NG IKA-PITONG KONSEHO NG MARIKINA SA PUNONG LUNGSOD, KAGALANG-GALANG DEL R. DE GUZMAN, SA KANYANG BUONG PUSO AT MAKATAONG PAGLILINGKOD SA LUNGSOD NG MARIKINA

Introduced by:
Councilor FRANKIE C. AYUSON
Councilor RONNIE S. ACUÑA
Councilor JOSEPH B. BANZON
Councilor WILLIE N. CHAVEZ
Councilor ARIEL V. CUARESMA
Councilor PAUL B. DAYAO
Councilor MARIO M. DE LEON
Councilor MARK ALBERT J. DEL ROSARIO
Councilor SAMUEL S. FERRIOL

Councilor ERNESTO M. FLORES
Councilor SUSANA P. MAGTUBO
Councilor ROMMEL F. ORTIZ
Councilor EVA AGUIRRE-PAZ
Councilor RUBEN R. REYES
Councilor THADDEUS ANTONIO M. SANTOS, JR.
Councilor XYZA DIAZEN-SANTOS
Councilor EDWIN A. ADIGUE
Vice Mayor JOSE FABIAN I. CADIZ, M.D.

SAPAGKAT, ang Punong Lungsod, Kagalang-galang Del R. De Guzman ay nagsimula sa kanyang paglilingkod sa bayan bilang isang Konsehal sa ikalawang distrito ng Marikina at Tagapangulo ng Mayorya ng Konseho noong Taong 1988-1992;

SAPAGKAT, dahil sa kanyang kababaang-loob at kabutihan sa kanyang mga nasasakupan ay pinagkatiwalaan siya ng taong bayan na maglingkod din bilang Pangalawang Punong Lungsod noong Taong 1992 hanggang Hunyo ng Taong 2001;

SAPAGKAT, siya rin ay nahalal bilang Lone District Representative mula Taong 2001 hanggang Taong 2007 at naging Pangalawang Tagapangulo ng Mayorya ng ika-labing dalawang Kongreso at Pangalawang Tagapangulo ng Komite ng Local Development at sa ika-labing tatlong Kongreso ay naging Senior Deputy Majority Leader at Pangalawang Tagapangulo ng mga Komite ng Rules, Local Government at Basic Education and Culture;

SAPAGKAT, siya ay nahalal din bilang Kongresista ng ikalawang Distrito ng Marikina noong Taong 2007 hanggang 2010 at bilang miyembro ng ika-labing apat na Kongreso ay kanyang pinamunuaan ang Komite ng Basic Education and Culture, naging Pangalawang Tagapangulo ng mga Komite ng Labor and Employment, Tourism at Metro Manila Development, at naging miyembro ng mga Komite ng Appropriation, Overseas Workers Affairs, Health, Public Order and Safety, Technology at Youth and Sports Development;

SAPAGKAT, siya ay nahalal bilang Punong Lungsod noong Taong 2010 at patuloy na naglilingkod ng buong katapatan sa taong-bayan hanggang sa kasalukuyan;

SAPAGKAT, ang Kagalang-galang Del R. De Guzman ay kilala sa pagiging panatag, mababang loob, at kanyang pinangunahan ang pagpapatupad ng isang makataong paglilingkod bilang pagsasakatuparan sa kanyang pilosopiya na, "Tunay na Kaunlaran, Tao Naman";

SAPAGKAT, siya ay isang pinuno na may tunay na pagkalinga sa taumbayan at may matayog na pangarap para sa ikauunlad ng Lungsod at ng lahat ng naninirahan dito at dahil sa kanyang kahusayan ay nagtamo ng mga sumusunod na parangal at pagkilala:

- 2014 Philippine Benchmarking Award for Public Sector
- 3rd Place Most Competitive City Infrastructure Category
- Top Three Cities in the Philippines in Economic Dynamism
- Top Ten Most Competitive Cities in the Philippines
- KALASAG Award – 2nd Best in Highly Urbanized City in Disaster Risks Reduction Management
- Healthy Cities Award

- Seal of Good Housekeeping (Bronze)
- Plaque of Recognition for Healthy Cities Initiatives "Building Healthy City through Community Participation and Empowerment"

SAPAGKAT, ang lahat ng matagumpay na kaganapang ito sa loob ng kanyang dalawampu't walong taon ng panunungkulan ay sanhi ng kahusayan, dedikasyon at pagiging makatao ng Kagalang-galang Del R. De Guzman at marapat lamang na bigyang pagkilala at lubos na pasasalamat;

NGAYON, AT SA KADAHILANANG DITO AY NAKASAAD, PINAGPAPASIYAHAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD ng MARIKINA, na ipahayag ang pasasalamat ng ika-pitong Konseho ng Marikinasa Punong Lungsod, Kagalang-galang Del R. De Guzman, sa kanyang buong puso at makataong paglilingkod sa Lungsod ng Marikina.

PINAGTIBAY ng SANGGUNIANG PANLUNGSOD, ngayong ika-29 ng Hunyo, 2016.

Pinatutunayang ang Resolusyong ito ay ipinasa sa ika-24 na Pangkaraniwang Sesyon ng Sangguniang Panlungsod ng Marikina ngayong ika-29 ng Hunyo 2016.

NORALYN R. TINGCUNGCO
City Council Secretary

PINAGTIBAY AT PINATUNAYAN
SA PAGSANG-AYON:

JOSE FABIAN I. CADIZ, M.D.
Bise-Alkalde/Tagapangulo